# MAG-AARAL NGAYON SA PAG-ADAPT NG NAGBABAGONG MUNDO

*by:*
**JOEY R. CABRERA**
*Master Teacher I, Pagalanggang National High School*

May mga mag-aaral na nakaupo sa maayos na mga hanay ng upuan, hawak ng mahigpit ang panulat, at ang kanilang mga mata ay nakatingin sa kanilang guro o sa pisara. Ang kanilang klase ay patuloy, ang mga tugon kung ito'y tama man o mali, pero ang mundo sa labas ng kanilang silid-aralan ay tumatakbo nang dahan-dahan lamang upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat mag-aaral.

Gayun paman, ang silid-aralan ngayon ay hindi na limitado sa tsok at pisara o sa apat na sulok. Ito ang mundo ng totoong buhay, kung saan ang maraming oras ay ginugugol sa pakatoto at pag-aaral. Nakikipag-usap sa kanilang mga kaibigan at kaklase upang matukoy ang mga responsibilidad nila bilang mag-aaral at kung paano nila ito gagawin.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang kasalukuyang silid-aralan ay nasa mga kamay ng mga mag-aaral na ito, ang kanilang mga gamit sa pag-aaral, tulad ng aklat, at iba pang kasangkapan ay nararapat nilang pahalagahan dahil susi ito upang madebelop ang kanilang mga kasanayan at maragdagan ang talinong taglay.

Tinatawag na algoritmo ang mga estudyante ngayon. May kakayahan silang makipagkomunikasyon sa ibang tao kahit sa ibang panig ng mundo sa pamamagitan ng mga makabagong teknolohiya nang tuloy-tuloy. Maging sa pagbabasa ng mga artikulo isang klik lang makikita na nila. Kahit na hindi sila umaalis sa kanilang mga tahanan, may kakayahang maglakbay sa anumang lugar. Ganun na kaadvance ang mga mag-aaral natin.

Sa pag-aaral sila ay higit pa sa mga akademikong layunin na nais natin. Isang bahagi ng pakikipagkomunikasyon ang buhay sa ngayon. Ito ay nangangailangan ng kaalaman upang maverify ang mga katotohanan maging mulat sila sa mga nangyayari sa paligid at mundong kanilang ginagalawan. Dito sila nahuhubog sa damdamin at isipan kung paano harapin ang mga hamon sa buhay. Maging matatag at matapang sa pagharap sa anumang pagkakamali na kanilang nagagawa.

Ang mga mag-aaral na ito ngayon ay di dapat nating pag-aalalahan kahit na ang mundo ay maaaring magbago muli sa isang araw, dahil sila ay nakakakuha ng pinakamahalagang aral sa lahat. Isang klase na wala sa mga kurikulum. Ito ay ang kakayahang tumugon sa mga pagbabago sa mundo.Bilang kabuuan, ang pagkatoto ay hindi lang nag-iisang dominyon sa kasalukuyan. Ito ay kung paano mo dalhin, gamitin para sap ag-unlad nila. Ang mga mag-aaral ngayon ay hindi lamang nakikipaglaban sa pagbabago sa ganitong paraan. Matuto kung paano nila ito harapin na may responsabilidad sa sarili at pagbabagong nangyayari.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://socialmedia675085498.wordpress.com/2020/12/04/ang-pag-aaral-sa-modernong-panahon/

https://teachy.ai/fil_PH/aklat/edukasyong-sekondarya/baitang-9/agham/ebolusyon-pagbabago-sa-paglipas-ng-panahon-f314

chrome-extension://kdpelmjpfafjppnhbloffcjpeomlnpah/https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/08/E248084453.pdf